**Credit Suisse Mortgage Settlement**

Pakitingnan ang mga sumusunod na impomasyon sa Ingles, Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, o Korean.

## Mabibigyan ng Consumer Relief alinsunod sa Kasunduan sa pagitan ng Estados Unidos at Department of Justice and Credit Suisse Securities (USA) LLC.

Sinasaad sa dokumentong ito ang mga uri ng mga tulong na inaalok ng Credit Suisse upang maisaktuparan ang mga obligasyon na kalakip ng Consumer Relief bilang parte ng kasunduan kasama ang Kagawaran ng Katarungan.

Mag-aalok ang Credit Suisse ng iba't ibang uri ng tulong gaya ng mga sumusunod para sa mga nangungutang na mapipili ng Credit Suisse para sa mga karapat-dapat at tugma sa mga itinakdang patnubay sa Settlement:

1. Pagbabago sa residential mortgage loans sa pamamagitan ng principal forgiveness, forbearance, at balance forgiveness.
2. Pag-alis sa residential mortgage loans para sa mga homeowners na mayroong pangalawa at maliit na mga mortgage.

Susuriin ng Credit Suisse ang mga mortgage loans na binibigyang serbisyo ng Select Portfolio Servicing Inc., kaanib na mortgage servicer ng Credit Suisse, upang malaman kung sinu-sino ang mga maaaring makatanggap ng mga tulong na nabanggit sa itaas.

Ang mga tulong na ito ay maaari lamang maibigay at maialok sa mga piling nangungutang. Ang Credit Suisse ang gagawa ng mga indibidwal na batayan para sa pagtukoy sa mga karapat-dapat at sa halaga ng nasabing tulong. Ang mga nangungutang na pasok sa batayan ng Credit Suisse para sa Consumer Relief ay matatawagan, ngunit ang mga nangungutang na nangangailan ng asistensya o hirap sa pera ay maaring tawagan ang SPS sa numerong naisulat sa ibaba o sa kanilang kasalukuyang mortgage servicer. Lahat ng mga nangungutang ay kailangang magpatuloy sa regular na pagbabayad ng kanilang mortgage payments.

Ang sinumang nangungutang na makakatanggap ng Consumer Relief ay maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa bayarin ng tax kung kaya't kailangan ring magpakonsulta sa isang tax advisor. Halimbawa, para sa mga pagbabago sa utang gawa ng principal forgiveness at sa iba pang uri ng debt forgiveness, ang mga nangungutang ay maaaring magbayad ng income tax sa halaga ng utang na napatawad. Ito ay sa kadahilanang ang halaga ng utang na napatawad ay tinuturing na kita ng isang nangungutang sa taon na napatawad, maliban kung ang nangutang ay kwalipikado para sa tax exlusion. Ang mahalaga, ang mga pederal na batas patungkol sa taxation ng debt forgiveness ay nabago sa ilalim ng Mortgage Forgiveness Debt Relief Act of 2007, na binibigyan ang ilan sa mga nangungutang ng prebilihiyo na walang bayaring income tax para sa debt forgiveness sa mga piling taon ng pagbabayad ng buwis. Ang batas na nabanggit ay nabago at napalawak ng ilang beses mula noong ito ay naipasa, at kasalukuyang aabot hanggang sa tax year ng taong 2025. Bilang resulta, ang mga ilang piling nangungutang na nakatanggap ng debt forgiveness sa pagitan ng Enero 1, 2007 at Disyembre 31, 2025 ay maaring di na magbayad ng income tax para sa halaga ng utang na napatawad.

Sasagutin ng Credit Suisse ang mga outreach na gaganapin ng tatlong beses sa isang taon hanggang sa makumpleto nito ang obligasyong pang-Consumer Relief. Sa ganitong mga okasyon, ang Credit Suisse ay makikipagugnayan sa mga nangungutang na di nakakapagbayad sa tamang oras o sa mga may posibilidad na di makapagbayad sa tamang oras upang sila ay hikayating dumalo at makisali sa mga one-on-one mortgage assistance consulations. Ang Credit Suisse ay magsasagawa ng outreach para sa mga nakikinitang posibleng mangutang sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga sulat paanyaya sa iba't ibang wika at/o tawag sa telepono. Sa bawat okasyon, mayroong mga Mortgage Assistance Consultants na magbibigay ng pangkalahatang suporta at gabay sa mga kostumer patungkol sa kabuuang sakop ng mga alternatibong maaring maitulong. Ang mga nangungutang ay maaring magsumite ng mga mahahalagang dokumento sa

mismong lugar para sa pagkukumpleto ng aplikasyon. Kung posible, sa mismong araw ng aplikasyon ay bibigyan rin ng agarang desisyon ang mga nangungutang upang ipaalam kung aprubado o hindi aprubado.

Dagdag pa sa direkteng asistensya sa mga nangungutang, ang Credit Suisse ay magbibigay ng karagdagang pondo para makatulong sa pagpapatayo, rehabilitasyon, at preserbasyon ng mga murang paupahan o bentahan ng mga pabahay.

### Impormasyong Pahatiran:

**Para sa asistensya, paki-tawagan ang Select Portfolio Servicing Inc., ang kaanib na mortgage servicer ng Credit Suisse, sa numerong 800-258-8602.**

**Oras ng Operasyon: Lunes-Huwebes 8 ng Umaga- 11 ng Gabi ET, Biyernes 8 ng Umaga – 9 ng Gabi ET, Sabado 8 ng Umaga – 2 ng Hapon ET**